


# Abide

## Ang Kapangyarihan at Kagandahan ng Salita ng Diyos

# Abide

## Ang Kapangyarihan at Kagandahan ng Salita ng Diyos

EVERY NATION

EVERY NATION

© 2022 ng Every Nation Churches & Ministries.

Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Isinalin mula sa lathalaing Ingles ng Every Nation.
Ang mga sipi ng kasulatan, maliban na lamang kung binanggit,
ay mula sa Ang Salita ng Diyos (ASND)
Copyright 2010, 2014 ng Biblica Inc.

EveryNation.org/Fasting #ENfast2022

# Nilalaman


Paghahanda sa Pag-aayuno........................................................... 2

Ang Aking Plano....................................................................... 6

Panimula: Ang Salita ay tulad ng Tinapay.....................................15

Unang Araw: Ang Salita ay isang Binhi....................................... 20

Ikalawang Araw: Ang Salita ay isang Ilaw.................................... 24

Ikatlong Araw: Ang Salita ay isang Salamin................................ 28

Ika-apat na Araw: Ang Salita ay isang Martilyo......................... 32

Ikalimang Araw: Ang Salita ay isang Espada.............................. 36

Pagtatapos: Ang Salita ang ating Pundasyon ............................ 40

# Paghahanda sa Pag-aayuno

## Bakit Kailangang Mag-ayuno?

Ang pag-aayuno ay isang espirituwal na gawain na ginagamit ng Diyos upang ipalaganap ang Kanyang kaharian, baguhin ang kahihinatnan ng mga bayan, pasiklabin ang pagbabago, at magdala ng tagumpay sa buhay ng mga tao. Taun-taon, nagsisimula ang mga iglesya at campus ministry ng Every Nation sa limang araw na pananalangin at pag-aayuno upang magpakumbaba sa harapan ng Diyos, ilaan ang mga sarili sa Kanya sa kasalukuyang taon, at sama-samang sumang-ayon sa tagumpay na ibibigay Niya.

### Si Jesus ay nag-ayuno.

> [1]Pagkatapos nito, dinala ng Banal na Espiritu si Jesus sa ilang upang tuksuhin ng diyablo. [2]Doon ay nag-ayuno si Jesus ng 40 araw at 40 gabi, kaya nagutom siya. **Mateo 4:1–2**
>
> Bumalik si Jesus sa Galilea na taglay ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kumalat sa lahat ng lugar doon ang balita tungkol sa kanya. **Lucas 4:14**

Alam ni Jesus na kailangan Niya ng espirituwal na kalakasan upang matupad ang Kanyang layunin. Inihahanda tayo ng pag-aayuno para gawin ang mga ipapagawa ng Diyos sa atin.

### Ang pag-aayuno ay isang pagpapakita ng pagpapakumbaba at paglalaan ng sarili sa Diyos.

> Doon sa tabi ng Ilog Ahava, sinabi ko sa grupo na mag-ayuno kami at magpakumbaba ng mga sarili namin sa presensya ng aming Diyos para hilingin sa kanya na ingatan kami sa paglalakbay, pati ang aming mga anak at mga ari-arian. **Ezra 8:21**

Sa pagpapakumbaba natin sa pamamagitan ng pananalangin at pag-aayuno, natatanggap natin ang tugon ng Diyos sa ating mga panalangin.

## Ang pag-aayuno ay tumutulong sa atin na maging sensitibo sa Banal na Espiritu.

> Habang sumasamba sila sa Panginoon at nag-aayuno, sinabi ng Banal na Espiritu sa kanila, "Italaga ninyo para sa akin sina Bernabe at Saulo, dahil may ipapagawa ako sa kanila." **Mga Gawa 13:2**

Kung ipagkakaila natin sa ating sarili ang mga likas nating hinahangad at mga makamundong libangan, tayo ay nagiging sensitibo sa tinig ng Diyos. Magagawa nating ituon sa Diyos ang ating pansin at magpasakop sa kagustuhan Niya.

## Ang pag-aayuno ay nagdadala ng pagbabagong-buhay.

> [8]Kapag ginawa n'yo ito, darating sa inyo ang kaligtasan na parang bukang-liwayway, at pagagalingin ko kayo agad. Ako na inyong Diyos na matuwid ang mangunguna sa inyo at ipagtatanggol ko kayo sa pamamagitan ng aking kapangyarihan. . . . [12]Muling itatayo ng inyong mga lahi ang mga lungsod ninyong matagal nang wasak at aayusin nila ang dating mga pundasyon. Makikilala kayo na mga taong tagaayos ng kanilang mga gibang pader at mga bahay. **Isaias 58:8, 12**

Makikita sa kasaysayan na bilang tugon sa panalangin at pag-aayuno, ang Diyos ay nagbigay sa mga bansa ng pagbangon at paglaya mula sa pagkawasak. Tumutulong ang pag-aayuno upang magtagumpay tayo sa pamamagitan ng pananalangin.

## Ang pag-aayuno ay mabuti para sa ating kalusugan.

Dahil sa pag-aayuno, nalilinis ang sistema ng pagtunaw ng pagkain sa ating katawan. Itinuturing ng mga doktor ang pag-aayuno bilang sagot sa ilang *allergy* at sakit. Ang pag-aayuno ay tumutulong sa pagtanggal ng mga hindi magagandang adiksyon.

## Pagpaplano sa Pag-aayuno

> Pagkatapos, sinabi ni Josue sa mga tao, "Linisin n'yo ang inyong sarili dahil bukas ipapakita sa inyo ng Panginoon ang mga kamangha-manghang bagay."
> **Josue 3:5**

**Manalangin**— Maglaan ng oras sa pagbabasa ng Bibliya bago ang pag-aayuno. Hingin sa Banal na Espiritu na gabayan ka sa iyong mga panalangin. Sa pahina 8, isulat ang mga ipinapanalangin mo para sa iyong pamilya, mga kaibigan, iglesya, at bayan.

**Magpasya**— Ipanalangin ang uri ng pag-aayuno na gagawin mo at magpasyang gawin ito bago pa man magsimula ang pag-aayuno. Itala ang iyong plano sa pahina 6. Hingin sa Diyos na tulungan kang maisakatuparan ang planong ito.

**Kumilos**— Dahan-dahang bawasan ang pagkain ilang araw bago ang simula ng pag-aayuno. Iwasan ang mga pagkaing matamis at mamantika. Iwasan din ang nakakapagod na mga gawain at ang pakikisalamuha sa mga tao sa linggo ng pag-aayuno. Humanap ng makakasama sa pananalangin at papirmahin siya sa pahina 6.

PAALALA: Kumunsulta sa doktor lalo na kung ikaw ay buntis, nagpapasuso, o kaya ay may gamot na iniinom. Kung hindi ka maaaring ganap na mag-ayuno, planuhin kung ano ang pinakamabuting pag-aayuno para sa iyo.

## Habang Nag-aayuno

> Pero sumagot si Jesus, "Sinasabi sa Kasulatan, 'Hindi lang sa pagkain nabubuhay ang tao kundi sa bawat salita ng Diyos.'" **Mateo 4:4**

**Magtuon ng pansin**— Maglaan ng oras upang sagutan ang debosyonal na ito. Maging handang tumugon sa Salita ng Diyos at sa sasabihin ng Banal na Espiritu.

**Manalangin**— Makibahagi kahit isang beses lamang sa mga sama-samang pananalangin sa iyong iglesya. Manalangin para sa iyong pamilya, iglesya, pastor, bayan, paaralan, at mga misyon sa buong linggo ng pag-ayuno.

**Magpalakas**— Sa tuwing oras ng pagkain, magbasa ng Bibliya at manalangin. Uminom ng maraming tubig at magpahinga tuwing may pagkakataon. Maging handa sa mga pasumpong-sumpong na panghihina, kawalan ng pasensiya, at pagiging mainisin.

## Paghinto sa Pag-aayuno

> At may kapanatagan tayo sa paglapit natin sa Diyos, dahil naniniwala tayong ibibigay niya sa atin ang anumang hilingin natin na ayon sa kanyang kalooban. At kung alam nating nakikinig sa atin ang Diyos, alam nating tinatanggap na natin ang hinihiling natin sa kanya. **1 Juan 5:14–15**

**Kumain**— Dahan-dahanin ang muling pagkain ng karaniwan mong kinakain. Kailangan ng katawan mo ng panahon para muling matanggap ang dating dami at uri ng iyong pagkain. Simulan sa prutas, mga inumin, at salad, at saka kumain ng gulay. Kumain ng maliliit na bahagi lamang sa buong maghapon.

**Manalangin**— Huwag huminto sa pananalangin! Manalig sa katapatan at sa takdang oras na ibinigay ng Diyos. Isapamuhay sa buong taon ang bagong mong taglay na pagmamahal sa Kanya. Manampalataya na sasagutin ng Diyos ang mga panalangin mo.

# Ang Aking Plano

**UNANG ARAW**

☐ Tubig lang ☐ Sabaw o inumin lang ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang

☐ Iba pa:

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

**IKALAWANG ARAW**

☐ Tubig lang ☐ Sabaw o inumin lang ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang

☐ Iba pa:

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

**IKATLONG ARAW**

☐ Tubig lang ☐ Sabaw o inumin lang ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang

☐ Iba pa:

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

**IKA-APAT NA ARAW**

☐ Tubig lang ☐ Sabaw o inumin lang ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang

☐ Iba pa:

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

**IKALIMANG ARAW**

☐ Tubig lang ☐ Sabaw o inumin lang ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang

☐ Iba pa:

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

> "Sinasabi ko rin sa inyo na kung magkasundo ang dalawa sa inyo rito sa mundo na ipanalangin ang anumang bagay, ipagkakaloob ito ng aking Amang nasa langit."
> **Mateo 18:19**

**Kasama Ko sa Pananalangin:**

# Nagpapasalamat Ako sa Diyos para sa . . .

## Mga Nasagot na Panalangin

Isulat ang mga magagandang nangyari, nasagot na mga panalangin, at mga aral na natutunan mo noong 2021.

# Ngayong 2022, Aalamin ko ang Kagustuhan ng Diyos at Magtitiwala Ako sa Kanya sa mga Bahaging Ito . . .

## Nais kong Makamtan para sa Aking Sarili

Espirituwal na Pagbabagong Buhay • Pisikal na Paggaling • Kaunlaran at Kasaganaan • Masaganang Pagbibigay

## Aking Pamilya

Pagpapanumbalik ng mga Nasirang Relasyon • Kaligtasan ng Sambahayan

## Aking Pag-aaral/Trabaho

Kahusayan • Pag-angat ng Posisyon

## Aking Paglilingkod

Paglago ng Victory Group • Kaligtasan ng mga Kaibigan, Kasama sa Trabaho, at Kamag-aral

# Nangangako Akong Mananalangin Para Kina . . .

| Pangalan | (Mga) Ipinapanalangin |
| --- | --- |

# Nangangako Akong Mananalangin Para Sa . . .

## Aking Iglesya


Pamunuan ng Iglesya • Pagkakaloob • Pagdidisipulo

## Aking Komunidad

Mga Paaralan at Institusyong Pang-edukasyon • Lokal na Pamahalaan • Mga Pagkakataon upang Makapaglingkod sa Hindi Miyembro ng Iglesya

## Aking Bansa

Mga Opisyal ng Pamahalaan • Pagbabagong Espirituwal • Pag-unlad ng Ekonomiya • Kapayapaan at Kaayusan



Mga bansang may Every Nation Churches

Mga bansang hindi pa naaabot

# Ang Every Nation ay kasalukuyang may gawain sa 81 na mga bansa.

## Pagtupad sa isang pangitain para sa henerasyon.

Tinawag tayo ng Diyos upang abutin ang lahat ng bansa sa ating henerasyon—binigyan Niya tayo ng misyon at ng panahong isakatuparan ito. Dapat nating ipanalangin ang mga bansa, unahin ang campus, at kilalanin ang kadakilaan ng ebanghelyo.

Patuloy na ipanalangin ang natitirang **114** na mga bansa at manalig na bibigyan tayo ng Diyos ng mga pagkakataon upang makapagtatag ng marami pang mga iglesya.

Afghanistan
Albania
Algeria
Andorra
Angola
Antigua and Barbuda
Argentina
Azerbaijan
Bahamas
Barbados
Belarus
Belize
Benin
Bosnia and Herzegovina
Bulgaria
Burkina Faso
Cabo Verde
Cameroon
Central African Republic
Chad
Comoros
Congo
Costa Rica
Côte d'Ivoire
Cuba
Cyprus
Czech Republic
Democratic Republic of the Congo
Denmark
Djibouti
Dominica
Ecuador
Egypt
El Salvador
Equatorial Guinea
Eritrea
Estonia
Ethiopia
Finland
Gambia
Greece
Grenada
Guatemala
Guinea
Guinea-Bissau
Guyana
Haiti
Hungary
Iceland
Iraq
Israel
Italy
Jamaica
Kenya
Kiribati
Latvia
Lebanon
Lesotho
Liberia
Libya
Liechtenstein
Lithuania
Luxembourg
Macedonia
Madagascar
Mali
Malta
Marshall Islands
Mauritania
Micronesia
Moldova
Monaco
Montenegro
Morocco
Nauru
Niger
North Korea
Norway
Palau
Palestine
Paraguay
Russia
Rwanda
Saint Kitts and Nevis
Saint Lucia
Saint Vincent and the Grenadines
Samoa
San Marino
Sao Tome and Principe
Senegal
Serbia
Seychelles
Sierra Leone
Slovakia
Slovenia
Solomon Islands
Somalia
South Sudan
Sudan
Suriname
Sweden
Switzerland
Syria
Tanzania
Tonga
Trinidad and Tobago
Tunisia
Turkmenistan
Tuvalu
Uruguay
Uzbekistan
Vanuatu
Vatican City
Yemen

# 458 ang naitatag na iglesya sa buong mundo
# 88 ang itinatatag na iglesya

### Ipanalangin na mas marami pang maitatatag na iglesya.

> Hilingin mo sa akin ang mga bansa sa buong mundo, at ibibigay ko ito sa iyo bilang mana mo. **Salmo 2:8**

Ipanalangin ang mga bagong tatag na iglesya habang tinutulungan nila ang iba na sumunod kay Jesus, tugunan ang pangangailangan ng kanilang komunidad, at ibahagi ang magandang balita ng ebanghelyo sa kanilang mga bayan.

### Mga bansang may kasalukuyang itinatatag na iglesya:

Armenia
Australia
Botswana
Brazil
Cambodia
Canada
China
Croatia
France
Gabon
Georgia
Honduras
India
Indonesia
Iran
Kazakhstan
Laos
Malawi
Maldives
Mexico
Mongolia
Mozambique
Nepal
Netherlands
New Zealand
Nicaragua
Nigeria
Panama
Portugal
Romania
South Africa
Tajikistan
Timor Leste
United Arab Emirates
United States
Vietnam
Zambia
Zimbabwe

# 1,905 ang matatag na mga campus at outreach

> "Kaya idalangin ninyo sa Panginoon, na siyang may-ari ng anihin, na magpadala siya ng mga tagapag-ani." **Mateo 9:38**

## Ang pangitain na maabot ang buong mundo sa pamamagitan ng mga campus at unibersidad.


Nagtatatag tayo ng mga iglesya na aabot sa mga campus dahil matatag tayong naniniwala na kapag nabago natin ang campus, sa huli, mababago natin ang mga pamilya, ang bansa, at ang buong mundo. Ang campus ministry ay isang adhikaing ipahayag ang ebanghelyo sa mga mag-aaral sa unibersidad, kung nasaan man sila sa kanilang campus. Ito ay isang tawag upang maglingkod, gumawa ng pagbabago, at pumunta sa iba't ibang lugar.

### Ipanalangin:

- Na ang mga bagong estudyante ay maaabot ng ebanghelyo ngayong taon
- Na magkaroon ng karunungan ang mga campus missionary at ang mga iglesya habang sila ay nangangaral ng ebanghelyo at nagdidisipulo ng mga estudyante sa kolehiyo
- Na pahintulutan ang gawain natin ng mga tagapagturo sa mga unibersidad upang maabot natin ang mga estudyante
- Na magkaroon ng mga pagkakataon sa mga bagong campus para sa gawain natin



*panimula*



# Ang Salita ay tulad ng *TINAPAY.*

### Basahin ang Deuteronomio 8:1–20

> Ibinaba niya kayo sa pamamagitan ng paggutom sa inyo at pagkatapos, binigyan niya kayo ng 'manna'—isang klase ng pagkain na hindi pa ninyo natitikman maging ng inyong mga ninuno mula pa noong una. Ginawa ito ng Panginoon para ituro sa inyo na hindi lang sa tinapay nabubuhay ang tao kundi sa bawat salita ng Panginoon. **Deuteronomio 8:3**

### Karagdagang Babasahin: Mateo 4:3–4, Lucas 4:1–4, Juan 4:34

Ang tinapay ay pangunahing pagkain sa Sinaunang Malapit na Silangan. Maging sa kasalukuyan, may tinapay na natatangi at kilala bilang bahagi ng isang kultura. May malutong na baguette sa France, walang pampaalsang roti sa India, mala-espongha na injera sa Ethiopia, manipis na tortilla sa Mexico, at malambot na pandesal sa Pilipinas.

Subalit sa Deuteronomio 8:3, inihayag ni Moises na ang tao ay hindi lamang sa tinapay nabubuhay. Habang ang mga Israelita ay nasa disyerto, tinugunan ng Diyos ang kanilang pangangailangan sa pamamagitan ng pagpapaulan ng manna, isang mala-tinapay na pagkain mula sa langit. Habang naghahanda sila sa pagpasok sa Lupang Ipinangako, isang mayamang lupain, ipinaalala ni Moises sa kanila kung sino ang nagpakain sa kanila sa disyerto. At kahit pa hindi na nila kailangan ang pag-ulan ng tinapay mula sa langit sa bagong lugar na pupuntahan nila,

ang pagtitiwala nila sa Diyos ay hindi nagbabago. Nakasalalay sa pagtitiwala at pagsunod nila sa salita ng Diyos ang pamumuhay at pag-unlad nila sa lupaing ito. Kailangan nila ng salita ng Diyos gaya ng pangangailangan nila sa tinapay upang sila ay mabuhay.

Ang pagtitiwala natin sa salita ng Diyos ay tulad ng tinapay na inaasahan nating darating. Sa bawat araw ng pag-aayunong ito, ang katawan natin ay mas maghahanap ng sustansya na ibinibigay ng tinapay. Subalit sa paghahangad na ito, sa napakatinding pangangailangan sa pagkain, mas nagkakaroon ng katuturan para sa atin ang paghahalintulad ng salita ng Diyos sa tinapay. Gaya ng paghahangad ng katawan natin ng tinapay, dapat nating hangarin ang salita ng Diyos, mamuhay nang may kamalayan sa pangangailangan natin sa Kanya at sa Kanyang salita araw-araw.

Sa katunayan, natutunan natin sa ebanghelyo ni Juan na si Jesus mismo ang Salita ng Diyos. Sinabi Niyang Siya ang "tinapay ng buhay," at ipinangako Niyang sinuman ang lumapit sa Kanya ay hindi na magugutom o mauuhaw. Kung tayo ay lalapit sa Kanyang harapan at pupunuin natin ang ating mga sarili ng Salita ng Diyos, matatanggap natin ang Kanyang kaligtasan at mararanasan natin ang pagiging ganap sa Kanya.

Ang salita ng Diyos ay totoo. Ang salita ng Diyos ay makapangyarihan. Ipinakilala Niya sa atin ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng Kanyang salita, at tayo ay nakakaranas ng pagbabago at nagkakaroon ng kakayahang mamuhay para sa Kanya.

Sa pagsisimula natin ng isang linggong pag-aayuno at sa patuloy na paglakas ng ating gutom sa paglipas ng bawat araw, nawa ay maging mas malakas ang paghahangad natin sa salita ng Diyos.

Isipin ang isang sitwasyon na kinailangan mong umasa sa Diyos. Pasalamatan Siya sa pagbibigay sa iyo ng kalakasan hanggang sa mapagtagumpayan mo ito.

Anong mga pahayag sa kasulatan ang nagpalakas ng iyong loob noong nakaraang taon? Maglaan ng panahon upang pasalamatan ang Diyos para sa maasahan at makapangyarihan Niyang salita sa buhay mo.


**Ang Salita ng Diyos ang** *NAGBIBIGAY SA ATIN NG LAKAS.*

**Deuteronomio 8:3**

*Ibinaba niya kayo sa pamamagitan ng paggutom sa inyo at pagkatapos, binigyan niya kayo ng 'manna'—isang klase ng pagkain na hindi pa ninyo natitikman maging ng inyong mga ninuno mula pa noong una. Ginawa ito ng PANGINOON para ituro sa inyo na hindi lang sa tinapay nabubuhay ang tao kundi sa bawat salita ng PANGINOON.*

Aming Diyos, maraming salamat sa inihandog Ninyong Bibliya. Sa pamamagitan ng Inyong Salita, nangungusap Kayo sa akin, at ipinapaalala Ninyo na Kayo ay para sa akin. Ipinapakita Ninyo ang Inyong hindi nagbabagong katangian, at natututo akong pakinggan ang Inyong salita habang binabasa at pinagninilay-nilayan ko ang Inyong kasulatan. Panginoon, tulungan po Ninyo akong magkaroon ng paghahangad na sundin ang Inyong salita araw-araw, isang paghahangad na mas lalo pang lalakas habang patuloy akong namumuhay sa piling Ninyo. Ang Inyong salita ang nagbibigay kalakasan sa aking espiritu at nagbibigay ng katuparan sa aking puso. Habang ako ay nananalangin, nag-aayuno, at nagtatalaga ng aking sarili sa Inyo ngayong linggo, nawa ay mas lumalim pa ang pagkaunawa at pagmamahal ko sa Inyo at magpatuloy akong lumapit sa Inyo. Sa pangalan ni Jesus,

AMEN



*unang araw*



# Ang Salita ay isang *BINHI.*

### Basahin ang 1 Pedro 1:13–25

> . . . dahil ipinanganak na kayong muli. At ang kapanganakang ito'y hindi sa pamamagitan ng mga magulang ninyong namamatay, kundi sa pamamagitan ng buhay at walang hanggang salita ng Diyos. **1 Pedro 1:23**

### Karagdagang Babasahin: Marcos 4:3–9, 13–20

Sa talatang ito, sinasabi sa atin ni Pedro na tayo ay ipinanganak muli sa pamamagitan ng buhay at walang hanggang salita ng Diyos. Ano ang ibig sabihin nito? Sa salita ng Diyos, makikita natin ang mabuting balita tungkol sa ginawa ng Diyos upang iligtas tayo sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Sa pamamagitan ng mabuting balitang ito, mauunawaan natin kung paano tayo muling ipinapanganak. Subalit hindi lamang ang plano Niyang iligtas tayo ang ipinapaalam ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang salita. Ipinapakilala rin Niya ang Kanyang sarili sa atin. Ito ang dahilan kung bakit sinabi ni Pedro na ang salita ay buhay at walang hanggang.

Inihalintulad ni Pedro ang salita ng Diyos sa isang binhi na hindi namamatay. Ang nakakatawag ng pansin sa isang binhi ay ang pagiging tuyo at mahina nito at halos walang palatandaan ng buhay bago ito itanim. Ngunit kapag ito ay nailagay sa maayos na kondisyon, nakatanim sa isang basa at matabang lupa, umuusbong ang buhay na nasa loob nito habang tayong mga nasa ibabaw ng

lupa ay naghihintay kung kailan natin ito makikita. Tulad ng binhi na kailangang maitanim sa tamang kondisyon upang mabuhay, ang salita ng Diyos ay naghihintay na maitanim sa magandang lupa—isang pusong nananampalataya. At pagkatapos, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ang Kanyang salita ay sisibol, mag-uugat, at lalago. Magdadala ito ng buhay at kagandahan sa anumang madaanan nito.

Kapag binubuksan natin ang buhay at walang hanggang salita ng Diyos, nakikilala natin ang Diyos ng sanlibutan, ang lumikha ng lahat ng bagay, at patuloy na lumilikha ng mga bagong bagay. Habang nakikilala natin Siya, hindi maiiwasan ang pagbabago ng buhay natin. Maaaring may mga bahagi ng buhay natin na tila natutuyo na. Maaaring nababawasan na ang pagmamahal natin sa mga naliligaw ng landas o kaya ay nanghihina na ang pag-alab ng puso natin sa misyon ng Diyos. Ang buhay at walang hanggang salita ng Diyos ay hindi kailanman mawawalan ng kapangyarihang hipuin ang lahat ng mahina, nanunuyo, at patay na bahagi ng buhay natin upang ito ay muling mag-alab at magkaroon ng bagong buhay na walang hanggan. Sa patuloy na pagtutuwid at pagbabago sa atin ng Kanyang salita, hindi natin maiiwasang itanim din ang walang kamatayang binhing ito—ang pagbabahagi ng magandang balita tungkol sa ginawa ni Jesus upang iligtas tayo—saan man tayo pumunta.

**Isipin ang panahon kung kailan mo unang narinig ang ebanghelyo. May nagbahagi ba nito sa iyo? Pag-isipan ang panahong ito at pasalamatan ang Diyos sa ibinibigay Niyang kaligtasan.**

Dahil ang salita ay buhay at walang hanggan, ano ang ilang bahagi ng buhay mo na maaaring muling maging bago ngayong linggo?

**Ang salita ng Diyos ang**
*BUMABAGO SA LAHAT NG BAGAY.*



**1 Pedro 1:23**

*…dahil ipinanganak na kayong muli. At ang kapanganakang ito'y hindi sa pamamagitan ng mga magulang ninyong namamatay, kundi sa pamamagitan ng buhay at walang hanggang salita ng Diyos.*

Aming Diyos, naniniwala ako na ang salita Ninyo ay isang binhing hindi namamatay na kayang bumago sa lahat ng bahagi ng buhay ko. Maaari kong dalhin sa Inyong harapan ang kalituhan ko, ang lahat ng nawasak sa buhay ko, at ang kawalan ko ng kapanatagan. Alam ko na ginagawa Ninyo akong ganap, buo ang loob, at panatag sa pamamagitan ng binhi ng Inyong salita. Inalis Ninyo ako sa kamatayan at dinala sa buhay, at matapat Ninyong gagawing ganap ang magandang gawaing sinimulan Ninyo sa buhay ko. Panginoon, ipinapanalanagin ko na patuloy Ninyong baguhin ang aking buhay upang maipahayag ko ang Inyong pagmamahal sa mga tao sa paligid ko. Dahil sa Inyong salita na itinanim Ninyo sa akin, buong tapang kong maipapahayag ang ebanghelyo saan man ako magpunta.

AMEN

*ikalawang araw*



# Ang Salita ay isang *ILAW.*

### Basahin ang Salmo 119:105–112

> Ang salita n'yo ay katulad ng ilaw na nagbibigay-liwanag sa aking dadaanan.
> **Salmo 119:105**

### Karagdagang Babasahin: Salmo 119:130

Ang Salmo 119 ay isang salmo na puno ng karunungan at nagbibigay ng kaliwanagan tungkol sa salita ng Diyos—ang ganap na gabay para sa buhay. Sa ika-105 na talata, sinabi ng mang-aawit na ang salita ng Diyos ay ilaw na nagbibigay-liwanag sa kanyang dadaanan. Sa Sinaunang Malapit na Silangan, ang lampara ay isang maliit na mangkok na may tila pinisil na itaas na bahagi kung saan nilalagay ang mitsa. Pinupuno ng langis ang mangkok at sinisindihan ang mitsa. Ito ay nakapagbibigay ng sapat na ilaw upang magliwanag ang isang madilim na daan.

Sa ating pagsabak sa buhay, madalas tayong humaharap sa mga sitwasyon na higit pa sa kakayahan nating pagdaanan: mga desisyong kailangan nating gawin, mga mapaghamong sitwasyong kinakaharap natin, mga ideya at ideolohiyang nilalabanan natin. Sinusubukan nating alamin ang mga bagay nang mag-isa, subalit kung walang gabay, nadadapa tayo sa kadiliman. Kailangan natin ng maaasahang ilaw na magbibigay liwanag sa madilim na daanan sa ating harapan.


Sa salita ng Diyos, makikita natin ang ating gabay. Sa 2 Timoteo 3:16, sinabi sa atin ni Pablo na ang buong Kasulatan ay isinulat sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Nangangahulugang ang lahat ng salita sa Bibliya ay mula sa Diyos. Mayroon bang tao sa buhay mo na labis na maaasahan kung kaya't kapag may sinabi siya, pagkakatiwalaan mo ito nang walang pagdududa? Pinagkakatiwalaan mo siya dahil sa loob ng mahabang panahon, pinatunayan niya na siya ay mapagkakatiwalaan. Kung mapagkakatiwalaan natin ang mga salita ng isang tao, gaano pa natin dapat na mas pagkatiwalaan ang mga salita ng ating perpektong Diyos, na patuloy na nagpatunay na Siya ay mabuti? Ang salita ng Diyos ay isang mapagkakatiwalaan at maaasahang gabay dahil ang Diyos ay isang mapagkakatiwalaan at maaasahang gabay.

Maaaring sa kasalukuyan ay may kinakaharap kang sitwasyon na higit pa sa kakayahan mong pagdaanan—isang desisyon na kailangan mong gawin o kaya ay mapaghamong sitwasyon na kailangan mong tugunan. Ang salita ng Diyos ay isang maliwanag na ilaw na magsisilbing gabay sa iyong madilim na daanan at magbibigay ng karunungan na kakailanganin mo. At hindi ka lamang bibigyan ng salita ng Diyos ng karunungan, kundi huhubugin ka rin nito upang ikaw ay makapagbigay din ng Kanyang liwanag sa isang madilim na mundo.

**Isipin ang isang panahon kung kailan binigyan ka ng salita ng Diyos ng karunungan sa gitna ng isang mahirap na sitwasyon. Maglaan ng panahon upang pasalamatan Siya sa Kanyang patnubay.**

Purihin ang Diyos dahil Siya ay mapagkakatiwalaan at maaasahan. May bahagi ba ng iyong buhay kung saan maaari kang mas magtiwala pa sa patnubay ng salita ng Diyos?

## Ang salita ng Diyos ang *GABAY NATIN.*



**Salmo 119:105**

*Ang salita n'yo ay katulad ng ilaw*
*na nagbibigay-liwanag sa aking dadaanan.*

Ama namin sa langit, ibinigay Ninyo sa amin ang Inyong walang kamaliang salita bilang gabay sa mundong puno ng kamalian. Dahil Kayo ay mabuti, mapagkakatiwalaan, nakakaalam ng lahat ng bagay, at puno ng kabaitan, magagawa kong sumandal sa Inyong patnubay sa lahat ng sitwasyong kakaharapin ko. Kayo ay may malasakit sa buhay ko at sa mga desisyong kailangan kong gawin. Ang Inyong salita ay may kapangyarihang isaayos ang kaguluhan at magbigay ng liwanag sa kadiliman. Walang dahilan para matakot ako. Habang ibinabaon ko ang Inyong salita sa aking puso, tulungan po Ninyo ako upang maipagpatuloy ko ang pagbabasa at pamumuhay nang naaayon sa sinasabi nito.

# AMEN



*ikatlong araw*

# Ang Salita ay isang *SALAMIN.*

## Basahin ang Santiago 1:23

> [23]Dahil kung nakikinig lang ang isang tao sa salita ng Diyos pero hindi
> naman niya tinutupad ang sinasabi nito, katulad siya ng isang taong
> tumitingin sa salamin [24]na pagkatapos makita ang sarili ay umaalis at agad
> kinakalimutan ang ayos niya. **Santiago 1:23–24**

## Karagdagang Babasahin: Mga Taga-Roma 2:13

Si Santiago ay sumulat para sa mga Kristiyanong Judio na nasa iba't ibang bahagi ng Imperyo ng Roma at nakakaranas ng mga pagsubok. Sa gitna ng mga pagsubok na ito, sinusundan nila ang mga makamundong gawain ng mga tao sa kanilang paligid sa halip na isapamuhay ang salita ng Diyos. At dahil dito, sa kabuuan ng kanyang liham, sinabi ni Santiago na hindi sapat ang makinig sa salita ng Diyos. Dapat nating isabuhay ang sinasabi nito.

Inihambing ni Santiago ang isang tao na nakakarinig ng salita ng Diyos subalit hindi nagsasapamuhay nito sa isang tao na tumingin sa salamin at pagkatapos ay kinalimutan kung ano ang itsura niya. Ang paghahambing ay halos katawa-tawa. Paano mo magagawang tingnan nang mabuti ang iyong sarili upang malaman kung ano ba talaga ang itsura mo at pagkatapos ay kalimutan ito? Subalit ito mismo ang punto na nais sabihin ni Santiago. Tinitingnan mo ba ang iyong sarili sa salamin sa umaga upang tiyaking hindi magulo ang iyong buhok o walang bagay na nakasiksik

sa iyong mga ngipin? Kapag may nakita kang malaking dumi sa mukha mo, lalabas ka ba ng bahay nang kinakalimutan ito? Kung paanong isang kamangmangan ang umalis nang walang gagawin tungkol sa dumi sa iyong mukha at kalimutan kung ano ang iyong itsura, isang kamangmangan ang pag-alam sa sinasabi ng salita ng Diyos at pagkatapos ay mamuhay nang hindi ito sinusunod.

Tulad ng isang salamin, ipinapakita ng salita ng Diyos kung ano talaga tayo. Kung wala ang Kanyang salita, madali nating malilinlang ang ating sarili sa pag-aakalang tayo ay mas higit pa sa kung sino talaga tayo, maipagsasawalang-bahala natin ang ating mga kahinaan, at magagawa nating magdahilan para sa ating kasalanan, lalo na kung tayo ay nasa kalagitnaan ng isang mapanghamong sitwasyon, gaya ng mga kinakausap ni Santiago sa kanyang liham. Subalit hindi ito mangyayari kung papanatilihin natin ang salita ng Diyos sa ating buhay. Kung titingnan natin ang ating buhay sa ilalim ng katotohanan ng salita ng Diyos, makikita natin kung sino talaga tayo at makikita natin ang biyaya at habag ng Diyos upang magawa nating magsisi at magbago.

Dapat nating tingnan ang salita ng Diyos upang maipakita nito sa atin kung sino talaga tayo, subalit hindi tayo dapat huminto dito. Dapat nating talikuran ang anumang hindi mabuti at isapamuhay ang Kanyang salita.

### Paano mo nakita ang biyaya at habag ng Diyos na kumikilos sa buhay mo?

May mga  bahagi ba ng buhay mo kung saan nagdadalawang-isip kang sundin ang salita ng Diyos? Maglaan ng panahon upang purihin Siya sa Kanyang pagmamahal at habag sa iyo.

**Ang salita ng Diyos ang**
*NAGPAPAKITA SA ATIN KUNG SINO TAYO.*

**Santiago 1:23–24**

*23 Dahil kung nakikinig lang ang isang tao sa salita ng Diyos pero hindi naman niya tinutupad ang sinasabi nito, katulad siya ng isang taong tumitingin sa salamin*
*24 na pagkatapos makita ang sarili ay umaalis at agad kinakalimutan ang ayos niya.*

Habang binabasa ko ang Inyong salita, Panginoon, nananalig ako na ipapakita Ninyo sa akin kung sino ako at kung sino ang nais Ninyong maging ako. Saliksikin Ninyo ang puso ko at ipakita Ninyo kung saan at paano ko maisasapamuhay ang Inyong salita. Bigyan Ninyo ako ng pagpapakumbaba upang gawin ang sinasabi ng Inyong salita bilang pagtugon ko nang may pananampalataya sa Inyong inihandog na kaligtasan. Banal na Espiritu, maraming salamat sa Inyong kapangyarihan na tumutulong sa aking sumunod, bumabago ng aking puso, at gumagabay sa aking mga hakbang. Sa pangalan ni Jesus,

AMEN

*ika-apat na araw*



# Ang Salita ay isang *MARTILYO.*

## Basahin ang Jeremias 23:23–32

> Hindi ba't makapangyarihan ang mga salita ko? Gaya ito ng apoy na nakasusunog o ng martilyo na nakadudurog ng bato. **Jeremias 23:29**

## Karagdagang Babasahin: Mga Gawa 2:37–38

Ang propetang si Jeremias ay nabuhay noong panahong may kaguluhan sa bayan ng Judah. Nagsimula siya sa pagiging isang propeta sa ilalim ng paghahari ni Haring Josiah, ang huling matapat na hari, at nagpatuloy siya sa pagbibigay ng mga propesiya hanggang sa mga huling taon bago malupig ang Jerusalem sa ilalim ni Nebucadnezar, na naging dahilan upang ipadala sila bilang mga bihag sa Babilonia.

Sa kabuuan ng ministeryo ni Jeremias, ipinahayag niya ang mapait na mensahe ng paparating na paghuhukom. Tinawag din niya ang mga tao na talikuran ang masama nilang pamumuhay at ang paniniwala nila sa mga diyos-diyosan, at sa halip ay manumbalik sa kanilang purong pagsamba sa nag-iisa at tunay na Diyos. Subalit hindi nakinig ang mga tao kay Jeremias. Sa halip, pinili nilang makinig sa mga huwad na propeta—mga taong nagbigay ng mga kaakit-akit na mga mensahe na nagpahayag ng mga nais nilang marinig sa halip na pakinggan ang ipinapahayag ng Panginoon.

Kabaligtaran ng mga walang saysay at walang halagang mga salita ng mga huwad na propeta, ang salita ng Diyos ay maihahalintulad sa isang martilyo na may kakayahang dumurog ng pinakamatigas na bato. Kapag nakikita mo ang salitang "martilyo," maaaring maisip mo ang martilyo ng isang karpintero na ginagamit sa mga proyekto sa loob ng bahay upang ibaon ang mga pako sa isang bagay. Subalit sa kontekstong ito, mas mainam na isipin ang martilyo ng isang magbabakal o panday na ginagamit upang buuin ang nais na hugis sa isang bakal. Kung gagamitin nang may malakas na puwersa, kaya nitong basagin ang isang bagay.

Sa pamumuhay natin kasama ni Jesus, maaari pa ring maging matigas ang ating mga puso. Maaari itong mangyari dahil sa mga itinatago o hindi natin inaaming kasalanan, kinikimkim na sama ng loob na nagmumula sa hindi pagpapatawad, o kaya ay pangungutya na pumapasok sa ating mga puso kapag ang ating panalangin ay hindi natutugunan. Sa mga ganitong panahon, maaari tayong magtuon ng labis na atensyon sa *social media*, sa pagbabasa ng mga negatibong balita *online*, at sa walang sawang panonood ng telebisyon sa halip na manatili sa salita ng Diyos.

Subalit kapag binuksan na natin ang salita ng Diyos at tumugon tayo nang may pagpapakumbaba at pagsisisi, mararanasan natin ang bigat ng martilyo na kayang dumurog at bumasag ng kasalanan, sama ng loob, at pangungutya ng isang matigas na puso.

**Paano mo naranasan ang paglambot ng iyong puso sa ilalim ng salita ng Diyos? Pasalamatan Siya sa kapangyarihan Niyang baguhin ang puso mo.**

May mga partikular ba na sandali o paghihirap na naging sanhi ng pakikinig mo sa mga “huwad na propeta” sa halip na lumapit sa salita ng Diyos?

**Ang salita ng Diyos ang**
*NAGPAPALAMBOT NG ATING PUSO.*




**Jeremias 23:29**

*Hindi ba't makapangyarihan ang mga salita ko? Gaya ito ng apoy na nakasusunog o ng martilyo na nakadudurog ng bato.*

Aming Diyos, kilala Ninyo ang puso ko nang higit pa kaysa ninuman, at minahal pa rin Ninyo ako kahit na lumayo ako sa Inyong pamamaraan. Ipakita Ninyo kung paano ako lumayo at ibalik Ninyo ako sa matatag na lugar. Nagsisisi ako sa pagtitiwala ko sa mga bagay sa mundong ito sa halip na sa Inyong salita. Ang Inyong salita ay may kapangyarihan na palambutin ang isang pusong naging bato. Binubuksan ko ang ang aking puso upang Inyong hubugin. Aming Diyos, habang pinalalambot Ninyo ang aking puso, bigyan po Ninyo ako ng kakayahang ibahagi ang Inyong salita sa mga tao sa paligid ko. Sa pangalan ni Jesus, ito ang aking dalangin.

# AMEN

*ikalimang araw*



# Ang Salita ay isang *ESPADA.*

## Basahin ang Hebreo 4:1–12

> Sapagkat buhay at mabisa ang salita ng Diyos, at higit na matalas kaysa sa alinmang espadang magkabila ang talim. Tumatagos ito hanggang kaluluwa't espiritu, at hanggang sa kasu-kasuan at kaloob-looban ng buto. Nalalaman nito ang pinakamalalim na iniisip at hinahangad ng tao.
> **Hebreo 4:12**

## Karagdagang Babasahin: Mga Taga-Efeso 6:13–17

Sa paghantong sa Mga Hebreo 4:12, ang may-akda ay nangusap tungkol sa araw ng pamamahinga na inilaan ng Diyos para sa atin. Nang ihayag ito sa mga Israelita, ang pagsuway nila at kawalan ng pananampalataya ay naging dahilan upang hindi nila ito tanggapin. Sa kasalukuyan, kinikilala rin ng mga na kay Cristo ang araw ng pamamahinga. Nagbigay ang sumulat ng Mga Hebreo ng babala na huwag itong ipagsawalang-bahala gaya ng ginawa ng mga Israelita upang hindi natin matularan ang pagsuway na ginawa nila.

Ang sumulat ng Mga Hebreo ay nangusap tungkol sa kapangyarihan ng salita ng Diyos, at inihalintulad niya ito sa isang espadang magkabilaan ang talim. Ang mga espada ay may iba't ibang uri ng talim, at ang bawat isa ay ginawa ayon sa itinakdang layunin para sa espada. Ang iba ay itinakda para magkaroon ng mas malakas na puwersa at ang iba naman ay itinakda para mas wasto ang babagsakan

ng talim nito. Ang espada na magkabilaan ang talim ay matalas ang parehong gilid at ginawa upang maging mas tumpak ang pagsugat nito sa dapat nitong tamaan.


Gaya ng natutunan natin kay Santiago, ipinapakita sa atin ng salita ng Diyos kung sino talaga tayo, at tulad ng natutunan natin mula kay Jeremias, ang salita ng Diyos ay may kapangyarihang durugin ang mga pusong pinatigas ng kasalanan. Dito sa Mga Hebreo, makikita natin na ang salita ng Diyos ay isang espadang magkabilaan ang talim, at may kakayahang tumagos at paghiwalayin ang kaluluwa at espiritu, ang kasu-kasuan mula sa kaloob-loobang buto. Ibig sabihin ay kaya nitong tumagos hanggang sa kaibuturan at pinakadiwa ng kung sino tayo. Subalit sinabi rin ng may-akda na ang salita ng Diyos ay buhay at mabisa. Nangangahulugan na hindi lamang nito sinusugatan ang ating puso upang ipakita kung sino tayo at ibigay ang hatol sa ating kasalanan, kundi may kapangyarihan rin ito na gawin tayong ganap mula sa loob palabas.

Habang isinasabuhay natin ang ating kaligtasan kay Jesus, hindi natin nais na tumulad sa ginawang pagsuway at kawalan ng pananampalataya ng mga Israelita noong sila ay nasa disyerto. Sa halip, habang binabasa natin ang buhay at mabisang salita, ang espadang ito na magkabilaan ang talim ay tatagos sa ating mga puso at magpapakita sa atin ng tunay na nilalaman ng ating puso at patuloy na babago sa atin upang tayo ay maitulad kay Cristo habang tumutugon tayo sa Kanya nang may pagsisisi at pananampalataya.

**Ang pananampalataya at pagsisisi ay mga handog ng Diyos na umaakay sa atin palapit sa Kanya. Napasalamatan mo na ba Siya para sa mga handog na ito?**

Anong mga bahagi ng buhay mo ang pinananampalatayaan mong babaguhin ng salita ng Diyos?

## Ang salita ng Diyos ang *BUMABAGO SA ATIN.*



**Mga Hebreo 4:12**

*Sapagkat buhay at mabisa ang salita ng Diyos, at higit na matalas kaysa sa alinmang espadang magkabila ang talim. Tumatagos ito hanggang kaluluwa't espiritu, at hanggang sa kasu-kasuan at kaloob-looban ng buto. Nalalaman nito ang pinakamalalim na iniisip at hinahangad ng tao.*

Panginoon, maraming salamat sa Iyong buhay at mabisang salita na bumabago sa akin mula sa loob palabas. Pinipili kong manatili dito kahit pa hinihiwa nito ang matitigas na bahagi ng aking puso. Panginoon, nagsisisi ako sa mga panahong namuhay ako nang ayon sa pamantayan ng mundo. Ipinapanalangin kong baguhin at gawin Ninyong bago ang aking isipan habang pinagninilay-nilayan ko ang Inyong salita araw-araw. Palakasin po Ninyo ang aking pananampalataya at gawin po Ninyo akong mas katulad ni Cristo habang binabasa ko ang Inyong salita.

AMEN

*pagtatapos*



# Ang Salita ang ating *PUNDASYON.*

### Basahin ang Mateo 7:24–27

> "Kaya ang sinumang nakikinig at sumusunod sa aking mga sinasabi ay katulad ng isang matalinong lalaki na nagtayo ng kanyang bahay sa pundasyong bato." **Mateo 7:24**

### Karagdagang Babasahin: 1 Pedro 2:4–10

Sa Pangaral sa Bundok, ibinahagi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo at sa iba pang mga tao kung paano dapat mamuhay sa kaharian. Nagtapos ang Kanyang kilalang pangaral sa babalang ito: ikaw ba ay magiging isang tagapagtayo na may karunungan at itatayo mo ba ang iyong buhay sa bato ng Aking mga salita? O ikaw ba ay magiging isang mangmang na tagapagtayo na magsasawalang-bahala ng Aking mga salita at magtatayo ng kanyang buhay sa buhangin?

Kung ikaw ay naninirahan sa lugar na karaniwang nakakaranas ng mga pagbaha, mas may kaugnayan sa iyo ang pagsasalarawang ginamit ni Jesus tungkol sa pagtatayo ng iyong buhay sa matatag na pundasyon. Sa loob lamang ng ilang minuto, ang malakas na pagbuhos ng ulan ay maaaring sumira ng isang napakagandang tahanan. At tulad ng pagpapakita ng bagyo ng tunay na kalagayan ng pundasyon ng isang gusali, ipinapakita ng mga bagyo ng buhay kung ang salita ng Diyos ba ang naging pundasyon ng ating buhay.

Ngayong linggo, natutunan natin na ang salita ng Diyos ay tulad ng isang tinapay na kailangan natin para sa ating espirituwal na kalusugan, isang binhi na itinanim sa ating puso at nagbubunga, isang ilaw na nagbibigay liwanag sa ating daanan at gumabagay sa atin sa lahat ng karunungan, isang salamin na nagpapakita sa atin kung sino talaga tayo, isang martilyo na kayang dumurog sa puso nating pinatigas ng kasalanan, at isang espada na kayang tumagos sa kaibuturan ng ating pagkatao at magdala ng pagbabago.

Ito ang katanungan: Ano ang gagawin mo pagkatapos ng linggo ng pag-aayuno? Ikaw ba ay magiging isang tagapagtayo na may karunungan na magtatayo ng kanyang buhay sa matatag na pundasyon? Bagama't ang linggong ito ay isang makabuluhang panahon ng pagsasama-sama at pakikinig sa Diyos, ang pakikilahok sa taunang limang-araw na pag-aayuno ay hindi sapat upang maitayo mo ang iyong buhay sa isang matatag na pundasyon. Magagawa lamang nating makapagtayo ng buhay na hindi mapapabagsak ng mga bagyo ng buhay sa pamamagitan ng araw-araw na pagbabasa at pagsunod sa salita ng Diyos.

**Ang pagsunod sa salita ng Diyos ay pagsunod kay Jesus, ang buhay na Salita ng Diyos. Si Jesus ba ang pundasyon ng buhay mo?**

Ang salitang “*abide*” ay tumutukoy sa “pananatiling matatag o permanente sa isang estado, o kaya ay pagpapatuloy sa isang lugar.” Paano mo maipapangako na muli kang mananatili—sa pagbabasa, pag-unawa, pananalig, at pagsunod—sa salita ng Diyos?

**Ang salita ng Diyos**
*ANG ATING MATATAG NA PUNDASYON.*



**Mateo 7:24**

*"Kaya ang sinumang nakikinig at sumusunod sa aking mga sinasabi ay katulad ng isang matalinong lalaki na nagtayo ng kanyang bahay sa pundasyong bato."*

Ama sa langit, nagpapasalamat ako sa Inyong ginawa sa buhay ko ngayong linggo. Maraming salamat dahil Kayo ay nagpapakita sa tuwing hinahanap ko ang Inyong presensya at tapat Kayong nangungusap sa akin. Ibinigay Ninyo ang handog Ninyong salita upang maitayo ko ang aking buhay sa matatag na pundasyon ng Inyong katangian. Tulungan po Ninyo akong manatili sa Inyong salita araw-araw upang maibaon ko ito sa aking puso at nang maranasan ko ang Inyong kapangyarihang nagdadala ng pagbabago. Sa pangalan ni Jesus,

# AMEN

EVERY NATION

Every Nation is a global family of churches and ministries that exists to honor God by establishing Christ-centered, Spirit-empowered, socially responsible churches and campus ministries in every nation.

#ENFAST2022

EVERYNATION.ORG/FASTING